# Talagang ang kumuha ang isa sa inyo ng lubid niya saka magdala siya ng isang bigkis ng panggatong sa ibabaw ng likod niya saka magtinda nito para makapigil si Allāh dahil dito sa [paghamak sa] mukha niya ay higit na mabuti para sa kanya kaysa sa manghingi siya sa mga tao: magbigay man sila sa kanya o magkait man sila sa kanya."}

Ayon kay Az-Zubayr bin Al-`Awwām (malugod si Allāh sa kanya): {Ayon sa Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) na nagsabi: "Talagang ang kumuha ang isa sa inyo ng lubid niya saka magdala siya ng isang bigkis ng panggatong sa ibabaw ng likod niya saka magtinda nito para makapigil si Allāh dahil dito sa [paghamak sa] mukha niya ay higit na mabuti para sa kanya kaysa sa manghingi siya sa mga tao: magbigay man sila sa kanya o magkait man sila sa kanya."}
[Tumpak] [Nagsalaysay nito si Imām Al-Bukhārīy]

Naglinaw ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) na ang isa kabilang sa mga tao ay magtrabaho ng alinmang trabaho kahit pa man kumuha siya ng isang lubid saka magtipon siya sa pamamagitan nito ng panggatong na papasanin sa likod niya saka magtinda nito at makakain mula rito o magkawanggawa sa pamamagitan nito at magwalang-pangangailangan sa pamamagitan nito sa mga tao at makapagsanggalang ng mukha niya sa kahamakan ng panghihingi ay higit na mabuti para sa kanya kaysa sa humingi sa mga tao saka magbibigay man sila sa kanya o magkakait man sila sa kanya. Ang panghihingi sa mga tao ay nakahahamak samantalang ang mananampalataya ay kamahal-mahal hindi kahamak-hamak.



النجاة الخيرية
ALNAJAT CHARITY
لجنة الدعوة الإلكترونية
EDC E-Da'wah Committee